www.xtrapapers.com

M12/1/A1PIL/SP1/TGL/TZ0/XX

22120227

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Thursday 10 May 2012 (morning)
Jeudi 10 mai 2012 (matin)
Jueves 10 de mayo de 2012 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only. It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.
- The maximum mark for this examination paper is *[25 marks]*.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire sur un seul des passages. Le commentaire ne doit pas nécessairement répondre aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le désirez.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est *[25 points]*.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento. No es obligatorio responder directamente a las preguntas que se ofrecen a modo de guía. Sin embargo, puede usarlas si lo desea.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es *[25 puntos]*.


© International Baccalaureate Organization 2012

www.xtrapapers.com



*Magsulat ng isang komentaryo sa* ***isang*** *sipi lamang.* ***Hindi*** *kailangang tumugon nang diretsahan sa mga gabay na tanong. Gayunpaman, hinihikayat kayong gamitin ang mga ito para sa paglunsad ng inyong komentaryo.*

**1.**

Sinasabing nagkaroon ng pakpak ang aming pamilya nang dumating ang *jeep*. Napupuntahan namin ang mga lugar na nais namin madalaw. Narating namin ang mga taunang pista ng mga kamag-anak sa lalawigan. *Stainless steel* ang katawan ng aming *jeep*. Mula sa lumang kotse ang makina nito kaya hindi maingay ang motor. Lagi itong ipinagyayabang ni Tatay. Hindi raw kaka-lawangin ang *jeep* at hindi magkakamantsa kapag naulanan o ibinabad sa araw.

Saksi ang *stainless jeep* sa mahahalagang yugto ng aming buhay. Kung nakapagsasalita lamang, maikukuwento nito ang mga pagtitipon ng angkan tuwing Undas, anibersaryo, kaarawan, at Pasko. Ito ang naghahatid upang makiramay sa mga kamag-anak na namatayan o makipag-diwang kapag may ikakasal. Madalas, nagiging ambulansiya ang *jeep* sa aming kalye. Nang manganak nang wala sa oras si Aling Remy, si Tatay ang napakiusapan para isugod ang manganganak sa ospital. Nang sinumpong ng hika si Mang Tomas, si Tatay muli ang napakiusapan na dalhin ito sa klinika. Si Tatay din ang naghatid kay Doray nang lumalala ang tigdas nito. Naghahatid din ang *jeep* ng handog ng aming magulang sa kanilang mga ama't ina. Kinarga nito ang telebisyon, bentilador, radyo, at mga kasangkapang pangkusina…

Kapansin-pansin ang pagdagdag sa timbang ni Tatay nang nagkaroon siya ng sasakyang *stainless*. Sabi ni Nanay, nahiyang daw si Tatay sa *jeep*. Dati'y siya ang nagbubuhat ng mga bayong sa pamamalengke nila ni Nanay o naglalakad siya papuntang opisina. Maikli ang pasensiya ni Tatay sa mga pila sa *tricycle* o agawan sa *jeep*. Nang magbiro si Shirley na parang nakalunok ng pakwan si Tatay, agad siyang pinagbawalan ni Nanay.

"Nakaluwag-luwag lamang ang inyong tatay," paliwanag ni Nanay sa amin. At sa kaluwagang iyon ni Tatay, napabilang kaming magkakapatid – nakalagay ang aming mga pangalan sa makintab na balat ng *jeep*. Sa harap ng *jeep*, nakapinta ang unang titik ng pangalan ni Tatay, may puso sa gitna, at ang unang titik ng pangalan ni Nanay…

Nasa ikatlong taon na ako ng *high school* nang nagkalakas akong sabihin kay Tatay na hindi na ako magpapahatid-sundo kapag pumasok sa paaralan. Hindi sumagot si Tatay at saka niya binuhusan ang mga bula sa gulong ng *jeep*. Hilig niyang paliguan ang *jeep* niya. Katuwiran ko'y mga bata lamang ang hinahatid ng mga magulang. Sina Shirley at Valentin lamang ang kailangang ihatid. Ang problema, pareho na kaming nasa *high school* ni Shirley. Dagdag gastos kay Nanay na pabaunan pa niya ako ng pamasahe gayong araw-araw naman kaming maihahatid ni Tatay.

"Bakit hindi ka na lang sumabay?" sabad ni Nanay na nagtataka.

"Siguro'y may sinusundo at hinahatid si Kuya," panunukso ni Valentin sa akin. Sino kaya ang tinutukoy niya? Si Candice o si Krissie?

Iyon nga ang hindi ko mabanggit na katwiran. Sa aming barkada, ako ang may tatay na nagmamaneho ng *owner*. "*Stainless* ito, ha?" Naririnig ko pang pagyayabang ni Tatay sa mga kakilala. Ang mga magulang ng aking barkada'y may sasakyang bahagi ng aking panaginip – CR-V, Pajero, Expedition, Adventure, Prada, RAV 4, Starex, at Crosswind. Hindi ko mapaliwanag ang pagnanais na maihatid man lang ako ni Tatay ng ganitong mga sasakyan. O kaya'y makapagmaneho ng magagarang sasakyan, iyong makintab na makintab, at titigil ang trapiko kapag pinaharurot sa lansangan. Hindi tulad ng aming *stainless owner*…

"Walang halaga ang klase ng sinasakyan," pangaral sa akin ni Tatay nang tinanggihan ko ang alok na turuan akong magmaneho. "Ang mahalaga'y marating ang nais mong mapuntahan."

www.xtrapapers.com



Gayun nga ang nangyari. Madaling-araw iyon. Dinig sa magkakatabing tahanan sa aming kalye ang hilik ng mga nahihimbing. Nakahihiyang kumatok para sa tulong. Kung anu-ano na ang binabanggit ni Tatay sa taas ng kaniyang lagnat. May nainom yatang masama o nakagat ng lamok. Naluluha na si Nanay sa pagpupunas ng basang bimpo sa katawan ni Tatay. Kay init ng kaniyang balat pero tila nanginginig sa ginaw.

"Tumawag ka ng taxi, dali," utos sa akin ni Nanay.

Alas tres na yata ng umaga iyon. Malayo pa ang lalakarin bago makapunta sa kalyeng madalas daanan ng taxi. Mabuti kung hintuan ako ng taxi. Hindi naman ako mukhang holdaper. Balita pa na may gumagalang asong ulol sa daan. Marami ring nauulol matapos mag-inuman. Kakatok na sana ako kina Mang Tomas nang dali-daling kinuha ni Shirley ang susi ng aming *jeep*. Walang anu-ano'y ginising si Tatay at inilulan sa sasakyan. Binuksan ni Nanay ang kandado sa tarangkahan. Sumakay ako sa likod ng *jeep* habang nagmamaneho si Shirley. Hindi man lang nataranta si Nanay. Maingat, tinitimpla ang pagmamaneho, may kabagalan ang takbo ni Shirley hanggang sa marating namin ang *emergency room* ng klinika.

Nakahinga ako nang maluwag nang nakaparada na ang aming *jeep* at tumigil ang motor nito. Bilib ako sa aking kapatid. Nakapagmaneho siya nang walang umaalalay.

"Kailan ka pa natutong magmaneho?" nagtatakang tanong ko sa aking kapatid.

"Matagal na," sagot niya na pinagpapawisan pa ang kamay sa manibela. "Ikaw lang naman ang ayaw. Nagtampo tuloy sa iyo si Tatay."

Eugene Evasco, *Stainless Steel* (2006)

– Magkomento sa kahalagahan ng *stainless steel jeep* ng pamilya sa siping ito.

– Magkomento sa paglalarawan at kabuluhan ng ugnayan ng tagapagsalaysay at kanyang tatay.

– Paano naisakontexto ng may-akda ang personal na karanasang inilarawan sa sipi sa konsumeristang kulturang laganap sa kasalukuyan?

– Sa iyong palagay, ano ang naisagawa ng may-akda sa paggamit ng punto-de-bista ng unang tauhan?

www.xtrapapers.com



**2.**

ako ay nanaginip
dilat po ang mata
gising kahit tulog
sa papag ng madla

bukid na binakuran
ng alambreng may tinik
bawal ang umapak
bawal ang maghasik
lupang sinilangan
himlayan ng angkan
ibinalot sa papel
at iniabot sa dayuhan.

ako ay nanaginip
dilat po ang mata
gising kahit tulog
sa papag ng madla

taong naging ibon
ikinulong sa hawla
anuman ang gawing pagpilit
ayaw pa ring kumanta
binalian ng pakpak
pinutulan ng dila
hiniwa ang dibdib
ngunit pumipiglas pa rin
ang diwa

sa mababaw na libingan
ay nagsipag-alsa
kalansay ng mga bayaning
walang ngalan walang mukha
sila ang nagsakdal
sila rin ang hukom
sa mga paglilitis ng
mga hari ng gutom

tayo ay managinip
dilat po ang mata
gising kahit tulog
sa papag ng madla

www.xtrapapers.com



bangkay na itinanim
ay namunga ng sanggol
nang ito ay nahinog
ito'y kumapit sa palakol
sinibak ang punong-kahoy
ng kasaysayan niya
iginatong sa apoy
ng kanyang pagnanasa

tayo ay managinip
dilat po ang mata
gising kahit tulog
sa papag ng madla

Joey Ayala, *Ako'y Nanaginip* (1987)

– Ano ang itinuturing mong mga susing alalahanin o ikinababalisa ng makata sa tula?

– Magkomento sa paggamit ng mga imahen at mga posibleng kahulugang mahahalaw dito.

– Magkomento sa paulit-ulit na saknong at ang epektong dulot nito sa kabuuan ng tula.

– Sa iyong palagay, ano ang nais ipahiwatig ng makata sa pagpalit ng boses ng "ako" sa "tayo" sa repetitibong saknong?